

PROLOGUE

Not knowing. Exciting ba talaga?

Kung mamatay ako mamaya, 3:23 ng madaling-araw dahil sa bangungot, okay. Okay iyong hindi ko alam dahil baka mapraning lang ako. Kung may ibang tao na gustong namamatay nang dahan-dahan para maayos pa ang unfinished business nila, ako hindi. I want my last day to be like any other day. Papasok ako at uubusin ang isang normal na maghapon sa opisina. Uuwi ako nang pagod at masaya o pagod at badtrip. Matutulog at... well, hindi na magigising.

Not knowing may be the best thing when it came to death pero...

Paano kung status na ng dalawang tao ang pinag-uusapan? Uubra pa rin ba iyong *not knowing*? Iyong tipong may nakilala kang isang tao na ordinaryo lang naman sa umpisa pero habang tumatagal, iyong pagka-ordinaryo niya ang tipo ng pagka-ordinaryo na cute at endearing para sa iyo.

O kaya unang kita mo pa lang sa kanya, parang huminto ang oras, parang slow motion ang lahat at sa isang iglap, *bam!* Binago niya na pala ang

mundo mo. Magsusuot ka na ng damit na panggimik kapag alam mong makikita mo siya. Iyong tawa mo, magkakaroon ng tagintinting at volume kapag alam mong naririnig niya. Daig mo pa ang news reporter sa pagsagap ng balita tungkol sa kanya.

May karelasyon ka ba? Kaka-break lang? May natitipuhan ka? Kakilala mo ang ex? Or worse, kabarkada mo ang ex? Single-single o single na may anak? Saan siya gumigimik? Kilala mo ba ang ex niya? At ang tanong na mas importante pa sa tanong kung hot ba siya ay: Sa paningin ba ng isang tulad niya, hot ka rin ba?

Diyan badtrip ang mga salitang *not knowing*. Complicated. Sarap gawing pulutan sa inuman. At heto pa ang badtrip times twenty, paano kung hot din pala ang tingin niya sa iyo at may mangyari sa inyo? Pagkatapos puro ganoon na lang. Wala kayong label. Ni hindi ka makapag-change ng status mo sa *Facebook*.

Ako si Mac. At not knowing ang dalawang salitang pinakaayaw ko. Kasunod ng mga salitang laundry at credit card pero ibang kuwento na iyon.

Kasi nangyari na sa akin iyan—iyang not knowing. Ang hirap. Hindi ko alam kung ano ang mayroon pero alam ko kung ano ang wala. Hindi pala

lahat ng complicated ay cool. Hindi lahat ng nakikita ko at nape-perceive ng iba ko pang senses ay totoo and vice versa.

And love? Hah! Isang malaking pakawala ng hangin sa bibig para lumuwag nang kaunti ang dibdib.

Parang kami, parang hindi. Parang nandiyan, parang wala. Parang ewan. At hindi lang parang magulo, talagang magulo. Ewan niya sa akin at ewan ko din sa kanya. At ang mayroon kami, mas complicated pa sa Advanced Calculus, mas nakakahilo pa sa isang case ng beer, mas pa sa pinaka.

At sa ganoong pagkakataong, not knowing is &@”>?)#(\$ ^ %!!!*

Pero kung may magtatanong sa akin kung bakit pa rin ako pumasok sa ganyang klaseng relasyon, isa lang ang masasabi ko: *It’s the hair, Dude, it’s all about the hair.*

1

Tumigil si Mac sa pagsi-shave at tumikhim, pinalalim ang boses at sinabing. “Hi, ’ganda ng dress mo, ah. Bago ba ’yan?” Natigilan siya at sinimangutan ang repleksyon. “Para akong bading, ano’ng kasunod, magpapasama ako magpa-parlor?”

Ginulo niya ang basang buhok out of frustration, at tumikhim muli. “Good morning, Monday na naman, ’no? Busy na naman tayo.” Saka siya ngumiti ng peke, iyong peke pero sa tingin niya ay papasa nang pogi. “Asar, ang baduy,” sabi niya ulit sa sarili.

Pero pagdating yata kay Anna Marie Macalintal, ang hirap hindi maging baduy. He should know dahil ilang buwan na siyang nagpapapansin dito. Iisa sila ng kompanyang pinagtatrabahuhan ni Anne, her nickname, mas common pa sa common denominator pero siyempre ay unique para sa kanya. Dahil sa *Zenith Manpower Corp.* Ortigas branch ay si Anne na ang pinakamaganda... pero ito rin ang pinaka-unattainable. Kaya naman mula nang ma-hire ito ay nanatiling propesyonal ang ugnayan nila. Iba rin ang set of friends nito kaya sa company outing at Christmas party niya lang nakakasama sa ibang lugar

na hindi opisina.

Asar talaga.

Itinuloy niya na lang pagsi-shave dahil alam niyang kahit tubuan pa siya ng balbas na aabot sa *EDSA*, hindi magiging sila ni Anne sa kaka-practice niya sa salamin. Pihadong kapag nakita niya ito ay magsisimula lang siya ng walang kakuwenta-kuwentang conversation na susundan ng sagot nitong mas matipid pa sa gumigimik na yuppie na walang budget. Kakailanganin niya tuloy bumawi sa pamamagitan ng mas walang kuwentang joke na ngingitian lang nito ng wala pang five seconds. At iyon na ang sum total ng conversation nila maghapon.

Torpe ang tawag ng mga people sa kanya dati. Pero ngayon ay *loser* na yata. Dapat siguro ay isama sila sa Ten Commandments, *all losers shall go to hell*. Para mas may motivation silang i-redeem ang mga sarili.

Dahil iyon lang naman sa tingin niya ang kailangan, isang malupit na redemption. Average guy lang kasi siya, may average IQ, may moral standards na siyang dahilan kung bakit wala siya halos bisyo. At siguro ay dahilan din kung bakit nakakaisang girlfriend pa lang siya sa twenty-four years niya sa mundo. Mas gusto yata kasi talaga ng mga babae

ang mga lalaking may angas, confidence—badass. Astig. At hindi siya iyon. Idagdag pa na wala rin siyang masyadong kakayahan na i-assert ang sarili sa kung sinong taong napupusuan dahil inuunahan siya palagi ng kaba.

Dear Redemption, dumating ka na sana, Dude.

Pumikit si Rhys at itinaas ang hawak na *Samsung* cell phone, as high as she could.

Please, please, please tumawag ka na. O kahit text man lang, kahit 'hi' lang saka smiley. Sige na...

“Anong kalokohan ’yan, Rhys?” narinig niyang tanong ng gay best friend-slash-housemate-slash-etcetera na si Tyra, dahil idol daw nito si Tyra Banks. Pero Rodolfo Tayuman Jr. ito sa totoong buhay. At kapag naiirita siya rito katulad ngayon ay iyon pa rin ang tawag niya sa kaibigan.

Dumilat siya at nakita ang katawan nitong mas slim pa sa kanya at ibinaba ang cell phone. “Rodolfo Tayuman Jr., walang basagan ng trip, okay?”

“Naomi Sanvictorez,” tawag din nito sa totoong full name niya. “Ilang beses ko bang sasabihin sa ’yo na patay na si Rodolfo Tayuman Jr? Terminally ill na

siya noon pang ginagawa kong kunwa-kunwariang mag-jowa ang mga toy soldiers ko. Naghingalo na siya noon pang unang beses akong manalo ng *Miss Teen Gay 2002*. At namatay siya nang palayasin ako ni Rodolfo Tayuman Sr. forty-eight years ago.”

“Oo na.” Pabirong pinandilatan niya rin ito. “And don’t call me Naomi, okay? It’s Rhys... Rhys with no last name.”

Ayaw niya rin ang pangalan niya dahil galing iyon sa ina na former *Miss Bulacan* at matagal nang disappointed dahil malabong sumunod siya sa yapak nito. Ayaw rin niya ng apelyido dahil aanhin niya iyon? Hindi niya kailangan ng last name para i-define ang kanyang pagkatao.

“Naghihintay ka na namang magparamdam ang ex mong gusto mong maging jowa ulit?” untag ni Tyra.

“Excuse me, gusto niya din ako maging jowa ulit. Hindi niya pa lang nari-realize,” depensa niya at pag-amin na rin. Totoong naghihintay siyang magparamdam si Mike, ex-boyfriend niya ng fifty-six days, three hours and two minutes.

Bilang niya iyon dahil nang mag-walk out ito sa latest breakup nila ay tumingin siya sa wristwatch

para i-check kung gaano katagal ang ipaghihintay niya bago ito bumalik at makipag-reconcile. So far, lampas isang buwan na siyang naghihintay pero walang Mike na nagpaparamdam man lang. Masyado naman siyang ma-pride para gumawa ng first move.

“Hindi na tatawag si Mike or magti-text or magtu-tweet o like o poke sa ’yo, Rhys,” sabad naman ni Calessa, ang isa pa nilang housemate ni Tyra na pareho nilang hindi maatim na i-bestfriend dahil masyadong maganda.

Mga bagets pa lang sila ay consistent na ito, from flower girl to *Miss USA* kapag *United Nations Day* to *Mutya ng Barangay* to *Reyna Elena* and finally to *Miss Bulacan*. At kung hindi lang daw masyadong mahirap ay sasali rin ito sa *Miss Universe*. She was nice though at friends sila.

Pero dahil sa sinabi nito ay parang ayaw niya na itong maging friend. “Hoy, babaeng walang pores sa mukha, sino ang nagsabi sa ’yo niyan?”

“True,” sabad ni Tyra.

“Alin ang true?” sabay nilang baling ni Calessa rito.

“Parehong true,” sagot ni Tyra at namaywang pa. “True na parang walang pores si Calessa sa *fez* at

true din na nagka-amnesia na si Mike tungkol sa 'yo."

"True," segunda ni Calessa. "May bago nang jowa si Mike. Ava ang pangalan, kamukha ni Shalani, 'yong ex ni PNoy."

"Pero ka-height ni Venuz Raj at kakulay ni Shamcey Supsup." Si Tyra.

"36B-23-34, manager sa *Max's Restaurant...*" sabi pa ni Calessa, may kasunod pa ngang ibang detalye pero hindi niya na narinig. Ang alam niya lang ay nagsisimula na siyang mabingi.

Si Mike? May bago nang girlfriend, borrow three from two cannot be—two years of serious relationship, ganoon na lang?

"S-saan n'yo naman nakuha 'yang tsismis na 'yan?"

"*Haler!* Kami mismo ang nakakita last night sa parking lot, d'un kami kumain ng dinner, eh. Nag-kiss pa nga sila dito, o." Itinuro ni Tyra ang nguso.

"Eh, ba't ngayon n'yo lang sinabi?"

"Tulog ka na n'ung dumating kami, eh. Saka confirmed 'yon kasi naka-uniform 'yong Ava na pang-*Max* at sabi n'ung receptionist, manager daw niya."

Kumibot-kibot ang mga labi ni Rhys. Parang maiiyak siya na ewan. “Hindi man lang kayo nakita ni Mike?”

“Nakita.” Si Calessa.

“At parang wala siyang pakialam.” Si Tyra.

Aray. Sa lahat yata ng naibalita ay doon siya pinaka-badtrip. Ang kapal ng face ni Mike.

Inuulan yata talaga si Mac ng malas. Paglabas niya ng condo unit ay nakasalubong niya ang tagakabilang unit na sa pagkakaalam niya ay yuppie rin, may dala itong bote ng soda na nakabukas ang tab at tumapon sa longsleeves niya ang laman nang magkabunguan sila.

“S-sorry,” sabi niya na lang, expecting an apology, too. After all ay binasa siya nito.

Pero tiningnan lang siya ng kapitbahay nang masama at nilampasan na pagkatapos. He sighed, went back to his unit and changed his clothes. Natagalan lang tuloy siya lalo.

Nang sa wakas ay marating niya na ang building na pinagtatrabahuan ay may pagmamadali siyang sumakay ng elevator, halos puno na iyon. Sumiksik

siya sa tabi ng isang lalaking may hawak na *Starbucks* tumbler at pinindot ang button para sa 24th floor. Pasara na sana ang elevator nang may kamay na sumingit doon.

Una niyang napansin ang knuckles, may tattoo bawat isa, masyadong maliit para ma-identify kung ano ang mga iyon. Then he noticed bony fingers. At nang tuluyan nang bumukas ang elevator ay nakita niya ang kabuuan ng may-ari ng mga daliri at kamay.

Isa iyong babae na itim ang makeup, sa mata at maging sa mga labi. May tattoo rin ito sa isang wrist. She was also pale, in fact, very pale. Iyong pagkamestiza na nangangailangan ng sustansya. Pero ang pinaka-remarkable dito ay ang buhok. Afro iyon at lampas-balikat, three shades yata ng brown o marahil ay mas marami pa.

At nang pumasok ito sa elevator ay pumuwesto ito sa harap niya. Sakto sa mukha niya ang buhok nito. Kailangan niya pang iiwas ang ulo para lang makahinga.

Hindi naman insensitive si Rhys para hindi malamang ang malas ng lalaking nasa likuran niya dahil 'victim' ito ng legendary niyang buhok na

pamana pa ng lola niya sa father side na may halong African-American. Buhok lang at hindi kulay ng balat ang nakuha niya rito. Kaya nang lumuwag na ang elevator dahil nagsibabaan na ang iba ay nilingon niya ito.

“Sorry sa hair.” Tumango lang ito at tinalikuran niya na ulit.

Pero sapat na ang ilang segundong iyon para may mapansin siya rito at sinabi niya iyon kaagad. “May shaving cream ka pa sa right cheek.”

Nang bumukas ang elevator sa 12th floor ay walang lingon-likod niyang pinuntahan ang Unit 24B, ang *Calessa's Spa*. Hindi ibig sabihin na por que borken-hearted siya ay magkukulong na siya sa bahay. Ang spa na iyon ay pinagsososyohan nilang tatlo. Nakapangalan lang sa babaeng walang pores dahil ito ang receptionist at print ad model ng spa nila.

Every woman wants to be a Calessa, iyon ang tagline ng *Calessa's* at sino pa ang pinaka-effective na humarap sa mga client kundi si Calessa herself, di ba?

Administrative naman ang trabaho ni Tyra at pasulput-sulpot lang si Rhys dahil kalahati ng puhunan ay galing sa trust fund niya. One fourth ang

ni-loan nila sa bangko at ang natira ay pinaghatian nina Calessa at Tyra.

Bagong-lipat lang din ang spa nila sa building na iyon, wala pang isang buwan. Sa isang mall sila dati umuupa ng puwesto. Pero nahihirapan silang makipagsabayan sa mga naglalakihang spa roon. So far ay kuntento naman siya sa natatanging source of income. Ang usapan nila ng mga kaibigan, kapag nakapag-return of investment na sila ay saka lang siya mas magiging aktibo sa spa.

Ang unang-unang ginawa niya pagkapasok doon ay tanungin ang isang nakasalubong na masseur kung may shaving cream ang buhok niya.

“Saan galing ang shaving cream?” tanong ni Calessa, nasa likod ng front desk na beige ang kulay. Nandidilat ang logo nila sa harapan. Wala pang client dahil maaga pa at hindi naman weekend o promo week o payday.

Umupo siya sa isa sa tatlong itim na couch sa gilid at itinaas ang mga paa. Nasa harap niya ang list ng services na ini-o-offer ng *Calessa's*. Sa ilalim niyon ay may cabinet, nakapatong doon ang kanilang brochures. “Sa nakasabay ko sa elevator.”

“Victim number one,” anito. “At pakibaba ang

paa, wala ka sa bahay. Puntahan mo na lang si Tyra sa likod.” Nasa pinakalikod ang maliit nilang office, lampas ng massage area.

Tumayo siya at sinimangutan ang babae. Alam niyang gusto lang siya nitong idispatsa bago dumating ang mga kliyente, baka raw kasi ma-shock sa mga tattoo at makeup niya.

Ano ba ang magagawa niya? Nagka-boyfriend siya ng tattoo artist years ago at doon niya nasimulang ma-appreciate ang tattoos. The black makeup she was partial to dahil maganda ang contrast niyon sa balat niya. At mas madali rin na iisang shade lang ang makeup kaysa mamroblema pa siya kung paano mag-blend.

Iyon nga lang, madalas siyang pagtinginan ng ibang tao. Mukha raw siyang gothic beauty. Parang laging *Halloween*.

“Nga pala, huwag kang umalis agad. Gimik tayo mamaya,” pahabol ni Calessa.

“Alam mo, Dude, kumain ka na. Hindi ka mabubusog sa kakatingin kay Anne,” narinig ni Mac na sabi ni Jakey, isa sa pinakamalalapit niyang colleague sa *Zenith*. Nasa cafeteria sila noon ng

building sa basement at nagla-lunch.

“Oo nga, kumain ka para pampatanggal ng torpe,” sabad ni Clint, pinsan ni Jakey pero hindi halata. Tall, dark at sige na nga, handsome si Jakey samantalang short and stocky si Clint. Modesty aside, kapag katabi niya ito ay medyo feeling guwapo siya.

Inalis niya ang tingin kay Anne na noon ay two tables away lang. Kailangan niya ng ibayong will power para alisin ang tingin sa mahaba at itim na itim nitong buhok na medyo kulot ang dulo, tsinitang mga mata, matangos na ilong at mapintog na mga pulang labi.

“Mga dude, kalahating taon na akong natotorpe kay Anne, baka drugs na ang kailangan ko.”

“Hindi drugs, Dude, tsismis,” banat ni Jakey. Tumigil ito sa pagkutsara ng ulam na afritada at bumulong. “Nililigawan daw ni Caleb si Anne.”

“Si Caleb?” Intern lang ito sa kompanya nila. Ang kapal naman ng mukha nitong manligaw kay Anne samantalang kailan lang ito nagsimula ng internship sa *Zenith*.

“Oo nga, si Caleb. Employee versus intern, fight!” Si Jakey ulit.

Parang Tayo, Para Hindi - Ramonna Alvarez

“Ting-ting-ting-ting-ting!” panggagaya ni Clint sa tunog ng bell. Hudyat para magsimula na siyang lumaban.

2

Hindi na mabilang ni Mac kung pang-ilang round na ng kape ang ininom niya bago lapitan si Anne. Pampawala lang ng nerbiyos. Matapos makausap ang huling aplikante at i-schedule ang interview nito sa kompanya na ni-refer niya ay nagpasya na siyang lapitan na si Anne.

Pero bago pa siya tuluyang makalapit ay hinarang siya ni Jean. “Paki-photocopy naman ’to, Mac. Ubos na ’yong sa ’kin eh.” Referral form iyon na kinuha niya kaagad.

“Nagpautos ka na naman kay Jean,” sabi ni Jakey nang sabayan siya nito papunta sa photocopy machine. “Eh, senior ka n’un. Dapat nga siya ang inuutusan mo.”

“She’s a girl, Dude. Okay lang. Photocopy lang naman ’to. It’s no big deal.”

Naiiling na tinapik-tapik na lang nito ang balikat niya. “Mac, ever the nice guy.”

Nang sa wakas ay magawa niyang puntahan na si Anne ay nakita niyang may hawak itong folder, mga resumé yata na inilalagay nito sa filing cabinet.

“Anne...”

Lumignon naman ito at nginitian siya nang bahagya. “Bakit?”

“Ahm... may gagawin ka ba mamaya?”

Kumunot ang noo nito. “Why?”

“B-baka kasi gusto mong mag-dinner mamaya.”

Lalo yatang lumalim ang kunot ng noo nito. “Are you asking me out?”

Words failed him so he simply nodded.

“I see.” Nabawasan ang tipid nitong ngiti at naging semi-ngiwi yata. “Sorry, Mar, ha? May iba akong plans later, eh.” There was something in her eyes, too, something like pity. Kinakaawaan siya nito. Bakit?

Noon ito tinawag ni Caleb, hindi niya na narinig kung para saan dahil sa parteng iyon ay wala na siyang masyadong awareness sa mga nangyayari sa paligid.

Tinawag siya ni Anne na Mar, Mar at hindi Mac. Ni hindi man lang nito alam ang tama niyang pangalan. Parang may nagpatay rin ng volume sa paligid dahil wala na rin siya halos marinig maliban

sa pintig ng sariling puso.

Namalayan niya na lang na may tumapik sa kanyang balikat at nang lungunin niya ay nakita niyang si Clint iyon, nasa likod nito si Jakey na may kasamang isang lalaking naka-coat and tie, baka aplikante rin.

“Okay ka lang, Dude? Namumutla ka.”

Okay lang ba siya? That was the question. What happened was eighty shades of wrong. Maling approach, maling oras, maling dialogue... mali lahat. Even his name was wrong!

So no, he was not okay. “Inom tayo mamaya, Dude,” sabi niya na lang.

“Sa dati?” Ang restaurant sa tapat ang tinutukoy nito. Pero parang ayaw niya roon. Parang gusto niya ng mas madilim na ambiance, mas maingay, mas crowded, a place where he could drown himself with alcohol and nobody would give a shit.

Umiling siya. “Sa iba. Kahit saan, basta sa iba.”

Habang sakay ni *Vakla*, ang dilaw na *Chevy* ni Tyra, ay panay pa rin ang check ni Rhys ng cell phone, na sinusundan palagi ng malalim niyang buntong-

hininga. Wala pa ring reply si Mike sa fifteen text messages niya, lima ang polite na humihingi ng explanation, tatlo ang hysterical at may halong bad words and the rest? Nagmamakaawang mag-reply man lang ito.

“Grabe, ito ba ’yong part ng story na kailangan naming magpatugtog ng *One Last Cry* para may background music ang pag-e-emote mo?” tanong ni Tyra na nagda-drive.

Tinaasan niya ito ng kilay. Humalakhak naman si Calessa.

“Two years kasi ’yon, two years. Paano niya magagawang makapag-move on ng gan’un kabilis?”

“Lalaki kasi siya, friend,” ani Calessa.

“At saka 36B kasi,” ani Tyra.

Napatingin tuloy siya sa 32B niya. Basehan na ba iyon?

Akala niya, nang ma-meet niya si Mike, the search was over. *Dizzisit*. The one. Hindi siya naniniwala sa mga ganoong bagay dati. Nakikipagrelasyon lang siya kapag gusto niya ang guy at gusto rin siya nito, ganoon kasimple. She wouldn’t have tattoos all over her body if she secretly believed in fairy tales. She

wouldn't be wearing all black—black outfit, black makeup—if she was the type who threw coins in wishing fountains. She couldn't have Afro hair and not represent what it stood for—freedom to be different.

But every principle, every philosophy took the backseat when she fell in love with Mike.

Kaya nga kahit away sila nang away, kahit ilang beses na sila nag-break ay nakikipagbalikan pa rin siya rito. Sadya yatang may mga laban na 'ika nga ay worth fighting for. Katulad na lang ng pagmamahalan nila. Ni hindi niya na nga masyadong matandaan ang huling pinag-awayan nila, something to do with his job and her toothbrush. Pagkatapos ay naungkat na nang naungkat ang mga dati pa nilang issues. Pagkatapos ay may nakipag-break, siya yata. At nag-walk out ito na sa sobrang kampante niya ay inorasan niya pa ang pagbabalik.

Only Mike never came back. He walked out and never came back.

Sumandal siya at nag-text muli sa ex. She was feeling empty. Her text message was short and direct. *Pls don't go 2 places we used 2 go 2. I will b moving on. Gudbye.*

May sense of finality ang pagpapadala niyang iyon ng text message. Masyado na siyang nagpapakadesperada. Kahit mahal niya si Mike, alam din naman niya kung kailan hindi na puwede. At nakakasawa na rin ang pagpapadala niya ng sangkaterbang text messages, lalo na ang indifference dito ng ex.

Tyra pulled over. Nasa parking lot na sila ng isa sa pinakapaborito nilang bar. Alas nueve pa lang kaya nagsisimula pa lamang magsidatingan ang mga tao. Two-storey iyon, nothing flashy. Nasa baba ang mga gustong mag-dinner at nasa taas ang mga gustong mag-party. Si Mike ang unang nagdala sa kanya roon. The place had been witness to their many memories as a couple. Now, it was time to make her own.

Parang gustong magsisi ni Mac kung bakit pa sila nagpunta sa bar na iyon. Hindi siya sanay sa ganoon kaingay, parang mababasag na ang eardrums niya sa lakas ng tugtog. The place was also too dark. Halos hindi na sila magkakitaan. He was instantly reminded why he avoided places like this. Parang gusto niya nang magyayang umuwi kung hindi lang tila enjoy na enjoy roon sina Clint at Jakey.

Nag-vanishing act na nga si Clint habang may

babae na ring kasama si Jakey sa table nila. The girl brought a friend earlier na hindi rin niya kinikibo masyado kaya umalis din kaagad. Ayaw niyang maging rude, but he was just not in the mood.

Wala siya sa mood makipagkuwentuhan dahil ni-reject siya ni Anne. Buti sana kung tinanggihan siya nito na may halong pa-cute. Iyong tipong alam niyang nagpapakipot lang pero may pag-asa pa. Pero habang lalo niyang nire-replay sa utak ang nangyari ay lalo lang sumasama ang loob niya. She even got his name wrong. She pitied him, the guy in the office who didn't stand a chance. She was not interested at all.

These past few years, he would date time and again. Pero wala namang nagpo-progress into a real relationship. Siguro dahil puro set up lang ang mga dates na iyon. So when he saw Anne, bam!

And when she rejected him, it was bam, bam, bam! Boom!

Uminom siya ng beer. Bawat lagok ay kasing-bitter ng nararamdaman niya. And then he saw her— si Anne. The bluish light hit her pretty face at exactly the right time, tinamaan din ng ilaw ang katabi nitong si Caleb. Just a couple of feet away from their table.

He froze. Bakit ba dito pa nagpunta ang dalawa ngayong gabi kahit madami namang ibang options? Ni hindi nga iyon malapit sa office nila. He came here to forget. Paano niya magagawa iyon kung nandito ang reminder ng mismong bagay na gusto niyang kalimutan?

Tumayo siya.

“O, Dude, saan ka pupunta?” tanong agad ni Jakey.

“Sa CR lang.” Pero ilang hakbang lang ay may nabunggo siyang lalaki. A huge man. “Sorry, Pare.” Hindi ito sumagot but the man growled. Bakit ba siya ang paboritong bungguin ng mga malalaking tao na hindi marunong mag-sorry?

Dumerecho na lang siya sa CR. Pagkatapos niyon ay malamang na magyaya na siyang umalis. He lived alone, which meant that he would come home to an empty house.

Great. What a perfect way to end a miserable day, he thought.

Buwisit. Buwisit na Mike, kaka-text ko lang, eh. 'Tapos nandito siya ngayon. Kapal.

Iyon lang ang tumatakbo sa isip ni Rhys habang nakatingin kay Mike at sa kasama nitong babae, iyong Ava siguro. Medyo malayo ang mga ito. Pero masyado niya itong kilala, masyadong pamilyar para hindi niya makita kahit pa sa madilim na bar.

Mag-isa pa naman siya sa table nang time na iyon. Ewan niya kung nasaan na sina Calessa at Tyra, kanina ay nag-uusap ang mga ito na mag-bar hopping, mag-text na lang daw siya kapag kailangan niya nang magpasundo. Siya rin ang nagtaboy sa mga ito. Ayaw niyang sirain ang gabi ng dalawang kaibigan.

Tumayo siya at pumunta sa restroom. Kailangan niya ng kaunting katahimikan para makapag-isip nang maganda-gandang plano. Biglang-bigla ay gusto niya ng revenge. Noon naman siya nakaramdam ng bahagyang pagkahilo.

Tsk.

Mukhang naparami yata ang inom niya.

Mac did his business, washed his hands and went out the restroom. Noon niya nabungaran si Anne, alone. Nakapuwesto ito sa isang table na kailangan niyang daanan para makabalik sa puwesto nila.

Shit!

Saka naman ito lumingon. She saw him. He saw her noticing him. Nasaan ba ang matinding dilim kung kailan kailangan?

Noon may bumunggo ulit sa kanya. He first saw the hair, all that hair. Ito ang babae sa elevator. Kung hindi galing sa restroom ng mga babae na katapat lang ng pinanggalingan niya ay papunta siguro roon.

Tiningnan niya ito, tiningnan din siya nito. And for a while, they just stared at each other like idiots.

“Ikaw ’yong—” sabay pa nilang sabi.

“May shaving cream,” dugtong nito.

Halos kasabay ng pagsasabi niya ng, “Nasa elevator.”

Sabay rin silang natigilan ulit. May bumunggo ulit sa kanya dahil nakaharang sila sa mga gustong mag-CR. Ang babaeng may malaking buhok ang unang nakabawi, naramdaman niya na lang hinihila siya nito sa gilid.

“Alam mo, hindi kita kilala at hindi mo rin siya kilala, pero I swear, kailangan ko talaga ng taong susuntok sa ex ko ngayon,” anito, frantic.

Hindi lang pala mukhang may sayad. May sayad talaga ito.

“You’re crazy,” Mac remarked.

“Name your price,” anito, parang walang naririnig. He caught a whiff of alcohol on her breath. Hindi lang baliw ang babae, lasing din ito.

Nilingon niya si Anne, parang nakatingin pa rin ito sa gawi nila. May bigla siyang naisip, a crazy thought. Binalingan niya ulit ang babaeng luka-luka.

“Susuntukin ko kahit na sino, basta halikan mo ako.”

“Now?”

Sinulyapan niyang muli si Anne. “Now.”

And just like that, the woman with huge hair placed a hand on his nape, stood on her toes and kissed him. It was a kiss unlike any other kiss he’d ever had before. The bar, the people in it, the noise seemed to dissolve around them.

It was just him and this woman with lips that tasted like alcohol and mint, the strands of her hair caressing his cheeks.

Napadilat na lang si Rhys nang maramdamang gumaganti na ng halik ang lalaking nakasabay niya sa elevator kaninang umaga, ang may shaving cream sa pisngi. Ni hindi niya na-realize na napapikit na pala siya. The guy was a good kisser, she'd give him that. Come to think of it, di hamak na mas magaling pa yata ito kaysa sa kahit na sinong ex niya.

Makalimot-revenge ang halik nito. And for a while there, she forgot her purpose. Pero hindi niya dapat hayaang mangyari iyon. While this guy tasted good, smelled good, she could not allow herself to get distracted. Kaya siya pumayag na pagbigyan ang kakaiba nitong request ay dahil gusto niya ng lalaking susuntok kay Mike, iyong ipaghihiganti siya. Never naman siyang nakipaghalikan sa kahit na sinong hindi niya kilala.

Marahan niya itong tinulak. His chest felt firm. At ewan niya kung bakit may hatid na kakaibang pakiramdam iyon sa katawan niya.

“Wait lang, may susuntukin ka pa, remember?”

He looked dazed. Mukhang hindi lang siya ang nakalimot at ikinatuwa niya iyon nang bahagya. Napangiti siya.

“Tara, ituturo ko sa 'yo 'yong susuntukin mo.”

Hinigit niya ang isang braso nito at iginiya ito papunta sa kung saan niya nakita si Mike kanina pero wala na ang ex niya roon.

Naiinis na inilibot niya ang paningin sa paligid, karay-karay ang lalaking hinalikan niya pero ni hindi niya kilala, may ilang minuto rin yata bago niya na-realize na wala na sa loob ng bar sina Mike at Ava.

“Shit,” usal niya. At hinila muli ang kamay ng lalaki papunta naman sa parking lot. Baka sakaling maabutan pa nila.

As fate would have it, papunta na nga si Mike at ang kasama nito sa itim nitong *Toyota* nang mamataan niya. Naka-park ang kotse nito sa dulo ng parking lot na designated para sa bar na iyon. Medyo malayo iyon sa mga security personnel. At wala ring ibang tao na malapit.

Perfect.

Itinulak niya papunta kay Mike ang lalaki. “Yan, suntukin mo na.”

Narinig yata ni Mike ang sinabi niya dahil lumingon ito. Sa kanya muna dumako ang nanlalaki nitong mga mata.

“Punch!” tili niya naman sa lalaking kasama na

tila natigilan muna saglit bago sinunod ang sinabi niya. Binigwasan nito ang kanyang ex.

Ang lakas lang ng tawa ni Rhys nang sumadsad si Mike sa semento. Agad itong dinaluhan ng kasamang babae na noon lang niya nabistahan nang maigi. Tama nga ang description dito ng dalawa niyang kaibigan. In a nutshell, Ava was everything she was not. Maganda at sexy at babaeng-babae.

“What the hell?” angil ng dalaga sa kanila habang tinutulungang bumangon si Mike na mukhang napuruhan.

“What the hell ka diyan? Ako lang naman ang ex ni Mike na inagawan mo ng boyfriend. Kaya what the hell your face!” Bago pa maka-respond ang mga ito o magtawag ng security guard ay muli niyang hinila ang braso ng lalaking kasama palayo roon. Habang papalayo ay wala siyang naririnig na commotion, malamang ay hindi naman ini-report ni Ava sa mga security guards ang nangyari. *All's well.*

“May kotse ka ba?” baling ni Rhys sa kasama, hindi maipaliwanag ang freedom na nararamdaman. Marahan itong tumango, bahagyang nanlalaki ang mga mata, parang nagugulat pa rin sa nangyari. Ikinawit niya ang isang kamay sa braso nito, feeling a certain bond instantly developing between them.

Parang Tayo, Para Hindi - Ramonna Alvarez

“Hatid mo ako sa bahay, ’tapos quits na tayo.”

3

Mataginting pa rin ang tawa ng babaeng kasama ni Mac nang maihatid niya ito sa bahay nito. Papunta roon ay panay lang din ang tawa nito at wala na siyang ibang narinig kundi ang pangalang Mike at mga salitang ‘buti nga’. Mike yata ang pangalan ng nasuntok niya kanina.

“Diyan na lang.” Pinatabi siya nito sa harap ng isang bahay na may pulang gate, low-fenced.

They were in Novaliches. Two-storey ang bahay nito, puti ang dominanteng pintura, may glass windows, may maliit na garahe sa kanan at dalawang matayog na puno sa harapan.

“O, p’ano.” Binalingan siya nito at sa wakas ay tumigil na rin sa pagtawa. “Salamat na lang sa pagsuntok sa ex ko. ’Bye.” Pero pagkababang-pagkababa nito ng kotse ay bigla na lang itong nagduduwal.

Agad siyang lumabas at dinaluhan ito. “Asan ba ang susi mo? Ihahatid na kita sa loob.”

Parang napaisip naman ito bago ibigay sa kanya ang susi. “Sige na nga. Tinulungan mo naman ako

kanina, eh. Kape muna tayo or something.”

Siya naman ang napaisip kung pauunlakan ito. They were still strangers. Oo nga at masarap itong halikan at nasuntok niya raw ang ex nito, still...

Hinigit na naman ng babae ang kamay niya. “Utang na loob, pagkatapos mo akong halikan kanina, aarte ka pa?” Ang pagkakabigkas nito ng salitang ‘pa’ nito ay parang *paaaaa* ang tunog, mahabang letrang a. Lasing nga talaga.

Wala na siyang nagawa hanggang makapasok sila sa loob ng bahay. The interior was not as he expected. Malinis doon at may theme na ewan niya kung ano pero magkakatugma ang kulay ng furniture na pawang light colors lang. Sa dating kasi ng babae ay iniisip niyang morbid ang hitsura ng bahay nito o kaya ay depressing ang mga kulay.

Imbis na paupuin siya sa sofa ay dinala siya nito sa kitchen na lampas lang ng komedor. Pinaupo siya nito sa bar stool. Mabilis na nakagawa ng kape ang babae kahit pa medyo lasing.

Pagkatapos ay umupo ito sa tabi niya at sinilbihan siya ng kape, ginawa nilang lamesa ang kitchen counter top.

“Wala kaming tinapay, eh, takot sa carbs ang mga

housemates ko, pagtiyagaan mo na 'yan." Inginuso nito ang kape.

"Thanks. Okay na 'to."

"Rhys." Iniabot nito ang isang kamay.

"Mac." He shook her bony hand. Napansin niya ulit ang knuckles nito na may tattoo. Maliliit na question marks pala iyon. "Reese as in Reese Witherspoon?"

"Rhys as in R-H-Y-S. No last name."

Napakunot ang noo niya sa sinabi nito. "No last name?" May tao bang walang apelyido?

"No last name," kumpirma naman nito. "Ni hindi nga Rhys ang totoong name ko, eh. Iniba ko lang. Gusto ko kasi ng sariling identity. Iyong hindi konektado sa pinanggalingan kong pamilya. An identity I can call my own."

Tumangu-tango siya kahit weird na experience para sa kanya ang makasalamuha ang taong katulad nito. Rhys No-Last-Name was unlike any other woman he had ever met. Ang hitsura nito, ang tattoo, ang ugali... and the hair, all that hair. Hindi rin niya maiwasang sulyapan ang mga tattoo nito.

"Hindi ako addict, okay? I just like body art.

Tats.”

“Wala naman akong sinabi, tinitingnan ko lang.”
depensa niya kaaagad.

“Fine.” Inilahad pa nito ang likod ng kamay sa kanya, itinaas din nito ang kanang side ng buhok para ipakita sa kanya ang maliit nitong tattoo sa ilalim ng tainga. “Alibata ’yan ng name ko. Meron din ako sa sakong at sa likod. I love tats, they’re beautiful. Tingnan mo lang nang tingnan. Proud ako sa mga ’yan.”

Tumangu-tango na lang siya. Hindi siya kailanman naka-appreciate ng body art na tinatawag nito. Ni hindi niya alam kung ano ang ginagawa niya sa bahay ni Rhys. Ang daming weird na naganap sa kanya ngayong gabing. Nag-mental note siya na pagkaubos na pagkaubos ng kape ay aalis na siya roon. May parte ng isip niya na atat na atat nang bumalik sa ordinaryong takbo ng sariling buhay.

Noon ito tumawa nang tumawa, baliw nga yata talaga. Even her laughter sounded odd. May hatid na kakaibang init iyon sa loob niya. Parang mainit na kape, warm and pleasant.

“Ano’ng nakakatawa?” hindi nakatiis na tanong niya.

“Ikaw.”

“Ako?” Itinuro niya pa ng sarili. “Bakit?”

“Because you look soooooo uncomfortable. Eh, kung makahalik ka naman kanina, wagas.” Natigil na ito sa pagtawa. “Bakit ka nga ba nagpahalik? Mukha namang hindi mo ako type, no offense sa akin.”

Hindi siya nakaimik. Paano niya ba sasabihin dito ang totoong dahilan? Eh, ni hindi sila magkakilala ng Rhys na ito.

Tinaasan siya nito ng kilay. “Hello, after putting your tongue inside my mouth, may right naman siguro ako na magtanong, di ba?”

“But I punched your fiancé,” apela niya. “A-and there’s no tongue.”

“Hello! Meron kaya. So spill, bakit nag-request ka ng halik kanina?”

Napabuntong-hininga siya at natagpuan na lang ang sariling nagko-confide dito. Siguro ay gusto rin niya ng mapaghihingahan ng sama ng loob.

“I... I like this girl...”

“I see,” anito, matapos niyang magkuwento. “So niyaya mong makipag-date ’yong Anne for the very

first time at tinanggihan ka niya, tama?” He nodded. “At sumama siya d’un sa Caleb at nakita mo sila sa bar. Kaya ginamit mo ako para ibangon ang pride mo at ipakitang mabilis kang naka-move on.”

“Parang gan’un na nga.”

Nangingiting nangalumbaba ito at humarap sa kanya. She was cute, very cute. At ewan niya kung bakit pakiwari niya ay nakakahawa ang ngiti nitong iyon. Because he just found himself smiling.

“Tanga ’yang Anne na ’yan, mag-move on ka na.”

This time ay siya naman ang natawa. “Gusto mo din bang sabihin ko na tanga din ang ex mo at mag-move on ka na?”

Pinuno na naman ng tawa nito ang buong kusina, napatayo pa ito. “Nope. Hindi ’yon tanga. Talipandas ’yon with a capital T.” At bahagya nitong ikinuwento kung bakit.

“I... I’m sorry to hear that,” aniya matapos nitong magkuwento.

Talipandas nga pala talaga ang ex nito. Lalaki siya kaya naiintindihan man niya ang mga kalolokohan ng mga lalaki, maling-mali pa rin ang ginawa ng Mike na iyon kay Rhys.

“Okay lang. Hindi mo kasalanan ang ginawa ni Mike.” Tila kumislap ang mga mata nito. “Alam mo, nice ka talaga, ’no? Kung hindi lang ako broken-hearted at hindi ka lang fresh from rejection, baka nag-take two na ang kiss natin kanina.”

He laughed nervously. Pero nang mapatingin siya sa mga mata nito ay napahinto ang tawa niya. Rhys had amazing eyes, bilugan at mahahaba ang pilikmata. Her eyes smiled when she smiled. Naalala niya bigla ang halik. Napalunok siya bigla.

“K-kailangan ko na yata umalis. T-thanks sa kape.”

“Fine,” anito, smiling playfully. “Chicken.”

“Anong chicken?”

“Sa dilim ka lang pala matapang—”

Bago pa ito nakapiyok ay hinapit niya na ang baywang nito at hinalikan ang dalaga sa mga labi. He didn’t know what came over him. And this time he really explored her mouth. They were both gasping for air when they let go.

Idinaiti niya ang noo rito, hinihinal pa rin. “Don’t call me chicken.”

“Kruk-kruk,” bulong ni Rhys.

Hinalikan niya ito ulit. There was more fire in the kiss this time. At nang pareho na silang kailangang huminga ay lumipat ang halik niya sa leeg nito, para siyang sinasapian. This was not him, he was not the type to sleep around. Pero hindi niya rin mapigilan ang sarili. Ano ba ang mayroon sa babaeng ito?

“Tell me to stop,” pakiusap niya.

But Rhys simply arched her neck to give him more access. At hindi nakatulong iyon. He could feel that thing between his legs stirring.

He willed himself to stop kissing her, straightened up and cupped her face. Hindi niya alam kung tama ang ginagawa nila. Pinagmasdan niya ang hugis-puso at maliit nitong mukha na pinagkasyahan ng maliit na ilong at mga labing parang palaging naka-pout. A delicate face sandwiched between all that hair. May fascination na hinawakan niya ang ilang hibla niyon, pang-distract na rin ng sarili. “Totoo ba ’to?”

Tinaasan siya nito ng isang kilay, a perfectly arched one. “Really? Buhok ko talaga ng gusto mong pag-usapan natin ngayon?”

“Impatient, are we?” Hindi nakatiis na pinindot niya ang tungki ng ilong nito. Hindi niya na rin mapigilan ang sariling halikan ito ulit, smack lang

sana pero lumalim agad. There was something really sweet in her mouth that he couldn't get enough.

At sa pagkakataong iyon ay alam niyang hindi niya na magagawa pang huminto. Marahan niyang hinaplos ang tagiliran nito. Sa ibabaw lang ng itim nitong blouse noong una pero pumasok din agad. He slowly rubbed her flat stomach while kissing the back of her ear, nakakakiliti ang buhok nito na kailangan pang hawiin niya ng isang kamay.

Rhys moaned. She fumbled with his belt. Nang makalas iyon ay siya naman ang nagtanggap ng blouse nito, kasunod ng bra. She had amazing breasts, proud and firm-looking. He held one and took one pinkish tip to his mouth. She moaned. His other hand gently kneaded the other one.

Her moan was driving him crazy. Alam niyang dapat ay mas gentle at mabagal ang pakikipag-make love sa isang babae. But he wanted Rhys now. His entire body was tingling with anticipation.

So he lifted her skirt, pulled her panties down and sat her on the counter top. He could feel his manhood pulsating, hard as a rock. It had been a while. His hand eagerly moved toward that delicate part between her legs and he felt that she was ready.

He pulled his pants down and planted wet kisses down her neck; he licked and bit at times, too. Pero hindi masyadong madiin, maingat siya. He also realized that her body, even without the tats, was a work of art. It glistened with sweat. Her waist was so tiny and her skin so smooth. He wanted to take it slow but she was making him feel so hot, he knew he couldn't hold it off any longer.

He kissed her again as he made his first thrust. Her nails dug deep on his back and despite the clothes, he could feel them. He thrust faster and deeper until he felt her reach her peak.

“The chicken just made you come,” tukso niya rito.

Bahagyang tinampal ng kamay nito ang pisngi niya at saka siya hinalikan sa mga labi. They made love all night long.

Pinagmasdan ni Rhys ang sarili sa salamin ng dresser. May mga kiss marks pa siya. Nagta-tansform pala ang pagka-gentle soul ni Mac kapag nakikipag-make love na. Kapag naaalala niya kung anu-ano ang pinaggagawa nila kagabi at kung ilang beses iyon naulit ay parang gusto niyang mag-blush.

She could blame it all on the alcohol dahil marami-rami rin talaga ang nainom niya. Pero sino ang niloko niya? Bukod kay Mike ay kay Mac niya lang ibinigay ang sarili. At kahit sa una ay naghintay muna siya ng ilang buwan. While last night... she had no idea what happened. She felt possessed. She flirted with him shamelessly kahit hindi naman talaga siya flirt. Hindi kaya kay Mac niya kinuha ang breakup sex dahil hindi niya iyon makuha kay Mike?

Habang kausap niya kasi si Mac kagabi ay bigla niyang na-realize how good looking he was. Makapal at mas mahaba pa yata sa kanya ang pilik-mata nito, deep set ang mga mata. He had a manly nose and thin, reddish lips. At habang nag-uusap sila ay sa labi na lang nito siya nakatingin. He was gorgeous.

Kung hindi muna ito nakausap ni Rhys at nag-sex na lang agad sila, hindi niya maiisip kung bakit ito tinanggihan ng Anne na ikinuwento nito kagabi.

Nilingon niya si Mac na noon ay nakahiga sa kama niya at walang tapalodo. Fit na fit ang katawan nito, with muscles in all the right places and bulges in all the right places, too. Lumapit siya rito para takpan ng comforter ang pinakamalaking 'bulge' sa lahat. Mac was a god when he was naked and he made love like a god, too.

Pero kapag nakadamit na ito, para itong naka-costume, itinatago ng damit na iyon ang hottie version ni Mac. Perhaps it was in the way he carried himself, masyadong unassuming. Kumbaga sa babae, hindi marunong mag-project. Pupusta siyang maraming nagkakagusto rito pero natu-turn off ang iba dahil hindi ito maangas. A lot of women, no matter what they claim, go for men with a little attitude. Attitude is sexy.

She sighed. Hindi iyon ang dapat na iniisip niya ngayon kundi ang mangyayari kapag nagising na si Mac. It was already past six in the morning, mayamaya lang ay siguradong gigising na ito at hindi niya alam ang gagawin.

She'd never had a naked stranger on her bed before. Hindi kaya ng pagkaastig niya na i-figure out kung ano ang gagawin. So when he started stirring nagmamadali siyang nahiga at pumikit, she was still naked. Kanina pa siya nagpapalakad-lakad nang nakahubad sa kuwarto, pinapakiramdaman ang sariling katawan na parang hindi kanya.

Naramdaman niyang kumilos at pagkatapos ay bumangon. Naramdaman din niya na kinumutan siya nito. Pagkatapos ay may mga narinig siyang kaluskos and she could imagine him locating his clothes. She

hoped he'd find his underwear near the door without much hardship. Nakita niya na iyon kanina pero hindi niya dinampot, it seemed too intimate for her, picking up the clothes he stripped off last night.

Saka siya nakarinig ng kakaibang tunog. Bahagya niyang iminulat ang mga mata at nakitang nakabihis na ito at nagsusulat sa *Post-it* na nasa ibabaw ng bedside table niya. Kay Calessa iyon, pati na ang pen, hindi niya na matandaan kung paano napunta sa silid niya. Tunog pala ng pen ang naririnig niya.

Nang tila matapos itong magsulat ay tumayo na ang binata. Pumikit ulit siya at pinakinggan ang papalayo nitong yabag. And then she heard the sound of the door opening and closing.

Dumilat siya ulit at nakitang nakasara na ang pinto pero agad ding bumukas. Pumikit siya ulit. Bumalik si Mac, bakit kaya? Nasagot din agad ang tanong niya nang maramdaman niyang hinalikan siya nito sa pisngi. Mabilis lang, parang nagpapaalam.

At nang muli niyang marinig ang pagsara ng pinto ay hindi na siya dumilat. Itinalukbong na lang ni Rhys ang comforter hanggang ulo at hindi mapigilan ang sariling ngumiti. Bumangon lang siya nang maalala ang note nito at lalo pang napangiti nang makita ang nakasulat doon.